REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**

KAPASIYAHAN BILANG 91-232

KAPASIYAHAN NA NAGSASAAD NG TAOS_PUSONG PAGBATI KAY BB. BEA LUCERO NA NAGTAMO NG MEDALYANG GINTO SA LARONG TAEKWANDO SA GINANAP NA 16TH SOUTHEAST ASIAN GAMES.

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, ang pagtamo ng medalyang ginto ni Bb. Bea Lucero sa larong Taekwando sa 16th Southeast Asian Games ay nagbigay ng karangalan sa Bayan ng Muntinlupa at sa bansang Pilipinas sa kabuuan;

SAPAGKAT, ang pagkapanalo ni Bb. Lucero sa larong kanyang sinalihan ay magsisilbing huwaran sa bawat kabataan upang maging masikap at gumawa ng bagay na may kabuluhan upang makatulong sa bayan;

SAPAGKAT, ang ipinamalas na tiyaga , disiplina at dedikasyon ni Bb. Lucero sa larong Taekwando ay kapuri-puri na dapat maging gabay ng sinumang manlalaro sa anumang larangan kung magnanais na umani ng tagumpay;

SAPAGKAT, ang Bayan ng Muntinlupa ay may bukal ng karunungan at talino ng mga batang manlalaro at sa tagumpay ni Bb. Lucero na magsisilbing huwaran , ito'y higit na lalawak at sisigla.

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan at muling pinagpasiyahan na gumawa ng isang kapasiyahan na nagsasaad ng taos-pusong pagbati kay Bb. Lucero na nagtamo ng medalyang ginto sa larong Taekwando sa ginanap na 16th Southeast Asian Games.

PINAGTIBAY ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa , Kalakhang Maynila sa kanilang pang 181st regular na pulong na ginanap ngayong ika-2 ng Disyembre sa Bulwagan ng Peoples Center, Muntinlupa, Kalakhang Maynila.

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang.Punong Bayan/Pang.Pangulong Opisyal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan



KGG. CARLO G. TENSUAN
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. NEMESIO O. MOZO
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. VICENTE YU CHUA
Konsehal

PINATOTOHANAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PBS/vts